



Romelynn D. Funclara is an esteemed educator, researcher, and Assistant Professor at Pangasinan State University (PSU) - Urdaneta City Campus, where she has been a cornerstone of academic excellence since 2007. Throughout her distinguished career, she has held key leadership roles, including GenEd Chair, Cultural Coordinator, and PRPIO Coordinator.

As a champion for student success and teacher development, Prof. Funclara serves as a Teaching Intern Supervisor and a trusted research advisor, critique reader, and panelist for both undergraduate and graduate studies. Her expertise is highly sought after as an evaluator for Instructional Materials (IMs) and lesson exemplars, and as a judge for various academic and performing arts competitions.

She holds a Master of Arts in Education (MAEd) in Filipino from PSU and is currently in the dissertation stage of her Doctor of Philosophy (PhD) in Filipino at Benguet State University.

SA SILID NG DAIGDIG: ISANG PAGBASA SA BUHAY AT DUNONG ni: Romelynn D. Funclara

*“Hindi sapat na matutong bumasa ng mga titik;
ang tunay na sining ay ang pagbasa sa likod ng
mga kulubot ng mukha ng tadhana.”*

Hindi nagsisimula ang dunong sa apat na sulok ng silid
na amoy-tisa at may bintanang nakapinid.
Nagsisimula ito sa unang gabi na tinanong mo ang bituin:
“Bakit ang liwanag mo’y abot-tanaw ngunit hindi ko mahawakan?”
Doon, sa pagitan ng pagtataka at ng pag-asam,
ipinanganak ang unang pahina ng iyong pagkatao.

Ang edukasyon ay hindi lamang pagsasaulo ng mga petsa,
ng mga lumipas na digmaan, o ng mga ngalan ng hari.
Ito ay ang sining ng pagtatagpi sa sarili mong sugat
gamit ang sinulid ng sariling karanasan;
ito ang pagkilala na ang bawat pagkakamali
ay hindi uling na nagpaparumi sa iyong mukha,
kundi uling na nagpapanatili sa apoy ng iyong pandayan.

Maglakad ka sa putikan ng buhay na may hawak na pluma.
Hayaan mong mabasa ang iyong sapatos ng ulan ng pagsubok,
hayaan mong mapunit ang ilang pahina ng iyong mga lumang paniniwala.
Sapagkat ang tunay na matalino ay hindi ang laging may sagot,
kundi ang may tapang na magtanong sa harap ng kawalan—
at may kababaang-loob na makinig sa bulong ng hangin
at sa hikbi ng mga nasa laylayan ng lipunan.

Huwag mong katakutan ang dilim kapag walang mahanap na landas.
Ang karunungan ay hindi lamang sulo na hawak ng iba;
ito ay ang mitsa sa loob ng iyong dibdib na ikaw mismo ang magsisindi.
Sa huli, ang pinakamalaking pagsusulit na iyong kakaharapin

ay hindi nakasulat sa papel na may markang pula o itim,
kundi sa kung paano mo binuhat ang iyong kapwa
nang ikaw mismo ay nanghihina at napapagod na.

Kaya't magsulat ka, mag-aral ka, mabuhay ka.
lukit mo ang iyong pangalan hindi sa marmol ng parangal,
kundi sa dibdib ng mga taong tinulungan mong makakita—
na sa kabila ng bulag at mapanghamong daigdig,
may liwanag na laging naghihintay sa dulo ng bawat pagsisikap at pag-aaral.